



Supplemental Security Income (SSI) sa California

Ano ang nasa loob

Ano ang SSI?	1
Medikal na tulong	2
Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)	2
Iba pang mga social service (serbisyong panlipunan)	2
Buwanang halaga ng kabayaran ng SSI	2
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	3

Ano ang SSI?

Ang Supplemental Security Income (SSI), ay isang pederal na programa na nagkakaloob ng buwanang mga cash na kabayaran sa mga taong nangangailangan. Ang SSI ay para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda pa, at pati na rin sa mga bulag o may kapansanang tao sa anumang edad, kasama na ang mga bata.

Para maging kuwalipikado para sa SSI, kailangan ay mayroon kang kakaunti o walang kita at kaunting mapagkukuhanan ng salapi. Ang halaga ng mga bagay na pagmamay-ari mo ay dapat na mas mababa sa \$2,000 kung ikaw ay single o mas mababa sa \$3,000 para sa mga kasal na magkasama sa tirahan. Hindi namin isinasama sa kuwenta ang halaga ng iyong tirahan kung hindi ka nakatira dito, at karaniwan, hindi namin binbilang ang halaga ng iyong kotse. Maaaring hindi rin namin isama sa pagkuwenta ang halaga ng ilang mga pinagkukuhanan ng salapi, tulad ng burial plot.

Para makatanggap ng SSI, kailangan mo rin mag-apply para sa mga benepisyo kung saan maaaring karapat-dapat para sa iyo. Kailangan ay nakatira ka sa Estados Unidos o sa Northern Mariana Islands para makakuha ng SSI. Kung hindi ka mamamayan ng Estados Unidos, ngunit legal na naninirahan sa Estados Unidos, maaaring makakuha ka pa rin ng SSI. Para sa karagdagan impormasyon, basahin ang *Supplemental Security Income (SSI) for Noncitizens (Supplemental Security Income o SSI para sa Mga Di Mamamayan)* (Publication No. 05-11051-TL).

Ang estado ng California ay nagdadagdag ng pera sa pederal na bayad. Ang isahang bayad na makukuha mo sa umpisa ng bawat buwan ay may kasamang parehong pederal na bayad sa SSI at ang iyong supplement mula sa California.

